# Balitang Manmin

BILANG 149 PEBRERO 7, 2016


# "Puspos ng Kapangyarihan ng Banal na Espiritu!"

## Naipakita ang Iba't ibang Pagpapagaling




Mula Nobyembre 10-24, inihatid ni Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor ng Manmin, ang pag-ibig ng Diyos sa pagbisita niya sa mga sangay na iglesya sa India, Nepal, Hong Kong, at Taiwan sa ngalan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Kaliwa, Rev. Heesun Lee; gitna, mga miyembro ng mga sangay na iglesya; kanan, ang bagong santuwaryo ng Nepal Manmin Church at Chennai Manmin Church

Noong Nobyembre 2015, bumisita sa apat na bansa sa Asya ang Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor ng Manmin na si Rev. Heesun Lee.

Nobyembre 10, 2015 pa lang, nasa Incheon International Airport na siya. Noong Nobyembre 12, namuno siya sa ika-3 anibersaryong pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling ng Delhi Manmin Church. Nagtanghal ang Power Chorus ng tradisyunal na mga sayaw ng India at umawit ng mga papuri sa wikang Hindi. Pagkatapos, ipinangaral ni Rev. Lee ang mensahe tungkol sa tunay na pananampalataya. Tinanggap ng mga dumalo ang panalangin ni Dr. Lee mula sa naka-record na video, at nanalangin si Rev. Heesun Lee para sa kanila gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Muling nakakita ang bulag na kanang mata ni Kapatid na Papu, 23 taong gulang. Gumaling naman ang enuresis (hindi mapigilang pag-ihi) at sakit sa bato ni Kapatid na Minu, 27 taong gulang; si Kapatid na Satici, 11 taong gulang ay gumaling mula sa anemia at anasarca (pamamaga ng buong katawan); at si Kapatid na Minadevi, 47 taong gulang ay gumaling mula sa hepatitis C. Bukod dito, marami pang ibang nagpatotoo ng kanilang paggaling. Hinangad ng mga miyembro ng pamilya ni Kapatid na Jipijikyasu ang makadalo sa pagpupulong. Nagmula pa sila sa Maharajganj Uttar Pradesh, 1000km ang layo nito sa Delhi. Gumaling sila mula sa diabetes at abnormal na paglalakad.

Noong Nobyembre 14, idinaos ng Nepal Manmin Church ang kanilang pagsamba para sa ika-10 anibersaryo, kasama na rin dito ang paglipat nila ng santuwaryo. Napakamakahulugan ng araw na ito para sa kanila dahil walang masamang nangyari sa kanilang iglesya at sa 196 mga sangay na iglesya noong nagkaroon ng lindol sa Nepal noong taong 2015. Inihatid ni Rev. Heesun Lee ang mensaheng may pamagat na "Love." Hinikayat niya ang lahat na intindihin ang isa't isa at huwag makalimot sa pagpapala ng Diyos. Sa sumunod na pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling, sinabi ni Diakono Joseph Taman, 34 taong gulang, "Buddhist monk dati ang tatay ko pero naging Cristiano siya. Dumalo siya sa pulong na ito at tumanggap siya ng maraming pagpapala. Sinabi niya sa akin na magsisipag na siya sa pananalangin."

Sinabi naman ni Kapatid Keibi Rai, 36 taong gulang, "Ipinipilit palagi ng misis ko ang opinyon niya, pero nang matanto niya ang pag-ibig ng Diyos, naging malumanay siya. Hindi nakakapaglakad ng maayos ang biyenan kong lalaki dahil masakit ang balakang niya, pero lubos siyang gumaling, nagkaroon siya ng pananampalataya. Sinabi niyang pinalambot ng pag-ibig ng Diyos ang matigas na puso niya."

Noong Nobyembre 15, nagturo si Rev. Lee sa seminar para sa mga pastor ng Nepal tungkol sa mga paraan kung paano muling pasisiglahin ang iglesya. Nagbigay ng plake bilang pagpapahalaga kina Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, Rev. Heesun Lee, at sa Nepal Manmin Church ang mga pastor at lider ng mga sangay na iglesya ng Manmin sa Nepal.

Noong Nobyembre 17, namuno si Rev. Heesun Lee sa pagsamba para sa ika-11 anibersaryo at pagpupulong na may panyong nagpapagaling sa Chennai Manmin Church, India. Ipinangaral niya ang mensahe at idinalangin ang mga miyembro gamit ang panyo. May polio sa Kapatid na Jhonsi, 9 taong gulang, baluktot ang bukong-bukong niya. Pero pagkatapos ng panalangin, naging tuwid ang mga ito. Si Kapatid na Jagadeshiwari, 33 taong gulang, ay gumaling mula sa malalang impeksyon sa tainga, 30 taon na niyang problema ito. Gumaling ang pamamaga ng thyroid ni Kapatid na Papita, 14 taong gulang, at si Diakonesa Indira, 44 taong gulang, ay gumaling mula sa mataas na presyon ng dugo at iba pang komplikasyon dahil sa diabetes.

Noong Nobyembre 18, nakipagpulong si Rev. Lee sa mga pastor ng Chennai. Naalala ng mga pastor ang krusada ng pagkakaisa na idinaos sa India noong taong 2002. Nagpasalamat silang muli kay Dr. Jaerock Lee.

Partikular na sa katimugang bahagi ng India na binaha dahil sa malakas na ulan at bagyo. Ito na ang pinakamalakas na bagyo sa nakaraang 40 taon. Pinatigil ang lahat ng paglipad ng eroplano, at 70 tao ang nangamatay, pero nang dumating si Rev. Lee sa Chennai, nag-iba ng direksyon ang bagyo, huminto ang ulan, at muling binuksan ang paliparan.

Noong Nobyembre 20, binisita niya ang mga miyembrong nasa Hong Kong, at noong Nobyembre 22, namuno siya sa pagsamba para sa ika-23 anibersaryo ng Taiwan Manmin Church at sa pulong-panalanging Fullness of the Holy Spirit. Pinaghandaan ito ng mga miyembro sa Taiwan sa pamamagitan ng halinhinang pag-aayuno at mga pagpupulong at pananalangin. Dahil dito, tumanggap sila ng maraming biyaya at mga kasagutan sa mga bagay na ipinapanalangin nila.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

## Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu (5)

# Kagandahang-loob

Kung mayroon tayong magandang-kalooban, uunawain nating mabuti kahit na anong klaseng tao dahil may pagmamahal tayo sa kanila, tatanggapin natin sila. Kahit gumawa pa sila ng matinding kasalanan at pagkakamali, maaawa tayo sa kanila sa halip na husgahan at hatulan sila. Magagalit tayo sa kasalanan at hindi sa nagkasala; Uunawain natin ang taong ito, at tutulungan siya sa buhay niya. Pag-aralan natin ang bunga ng kagandahang-loob.

### 1. Anong klaseng bunga ang kagandahang-loob?

Ang kagandahang-loob ay katangiang mahabagin, maunawain, maalalahanin at may magandang kalooban. Pero ang kagandahang-loob na binabanggit dito ay pinakamalapit sa 'habag'. Ang espirituwal na kahulugan ng kagandahang-loob ay "iniintindi o inuunawa ayon sa katotohanan ang mga taong hindi naiintindihan o nauunawaan ng ibang tao." Napapatawad ayon sa katotohanan ng pusong mahabagin kahit ang mga hindi kayang patawarin ng ibang tao.

May ganitong klaseng kalooban ang Diyos, nahahabag Siya sa sangkatauhan. Sinasabi sa Mga Awit 130:3, "Kung Ikaw, PANGINOON, ay magtatala ng mga kasamaan, O PANGINOON, sino kaya ang makakatagal?" Naisulat, kung walang habag ang Diyos at humatol Siya ayon sa katarungan, walang pwedeng humarap sa Kanya.

Pero, ayon sa katarungan, pinatawad at tinanggap ng Diyos kahit ang mga hindi katanggap-tanggap at mga hindi pwedeng patawarin. Para tuparin ito, ibinigay ng Diyos ang buhay ng bugtong na Anak Niya. Nais ng Diyos magkaroon ng mga anak na nagtitiwala sa Panginoon at humuhubog ng mahabaging puso.

### 2. Mga katangian ng mga nagbunga ng espirituwal na kagandahang-loob

#### Una, wala silang kinikilingan o itinatangi.

Kadalasan, hinuhusgahan ng mga makamundo ang ibang tao ayon sa panlabas na anyo. Nagbabago ang trato nila sa tao depende sa situwasyon. Dapat, walang kinikilingan o itinatangi ang mga anak ng Diyos. Isipin nating mas mahusay ang ibang tao kaysa sa atin, paglingkuran natin sila ng may kaloobang tulad ng sa Panginoon (Santiago 2:1-4).

Habang iniisip ninyo na hindi kayo nanghuhusga ayon sa kayamanan, katanyagan, o panlabas na anyo ng iba, tingnan din ninyo kung may pinapaboran o may kinakampihan kayo, may kinalaman man ito sa espirituwal na kalagayan ng isang tao o wala. Halimbawa, paano kung pakiramdam ninyo hindi ninyo makausap ang isang taong matagal ng Cristiano tungkol sa malalalim na espirituwal na kaalaman dahil hindi sapat ang pag-unawa nila sa mga bagay na espirituwal?

At kapag dumadaan sa pagsubok ng pananampalataya ang isang tao, may mga taong nanghuhusga at nag-uusap tungkol sa buhay ng taong ito, parang mga hukom. Nang dalhin ng mga tao ang isang babaing nangalunya sa harapan ni Jesus, nagpakita si Jesus ng malaking habag, sinabi Niya, "Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya" (Juan 8:3-11).

Kapag may nakita kayong isang taong pinaparusahan sa harapan ng Diyos, kung mahabagin ang puso ninyo, maaawa kayo sa kanya, aasahan ninyo na maayos niyang mapagtatagumpayan ito.

#### Pangalawa, nahahabag sila sa mga nahihirapan, nasisiyahan silang makatulong sa mga ito.

Huwag lang nating sabihin sa iba taong, "Humayo kayong mapayapa, magpainit kayo at magpakabusog!" Kung totoong nahahabag tayo sa kanila, may gagawin tayo para sa kanila, kikilos tayo (Santiago 2:15-17).

Hindi kayo totoong nahahabag kapag maaawa lang at wala kayong gagawin para tulungan ang isang taong nagugutom. Kung totoong nahahabag kayo, ibabahagi ninyo sa kanya kung anumang mayroon kayo kahit sapat lang ito para sa inyo. Kapag may nakita kayong isang taong nagdurusa dahil sa anumang problema, tutulungan ninyo ito para mabawasan ang paghihirap nito. Ito ang tinatawag na habag.

Sinasabi ng Kawikaan 19:17, "Ang mabait sa dukha ay sa PANGINOON nagpapautang, at ang kanyang mabuting gawa sa kanya ay babayaran." Kung aalagaan ninyo ang mga kaluluwa tulad ng pag-aalaga ng Panginoon, babayaran Niya kayo ng mga biyaya.

#### Pangatlo, hindi nila agad tutukuyin ang mga pagkakamali ng ibang tao.

Kung mahabagin tayo, hindi madali para sa atin na magparusa, magpagalit, o magsalita tungkol sa mga pagkukulang ng ibang tao. Kapag magpapayo tayo, gagawin natin itong may kasamang pananalangin at pagsasaalang-alang ng damdamin ng taong papayuhan (Mga Kawikaan 12:18).

May mga taong madalas maghanap ng pagkukulang ng ibang tao na nagmumula sa sarili nilang opinyon at pagmamalinis. Kahit totoo pa ang sinasabi ninyo, kung may halo naman itong sariling pagmamalinis at opinyon at walang pagmamahal, hindi ito makakapagbigay ng buhay. Hindi ito makakatulong sa pagbabago ng isang tao, sa halip, masasaktan ang damdamin niya, manghihina siya, at mawawalan siya ng lakas.

Kapag bata ang kausap ninyo, huwag ninyo siyang kausapin tungkol sa pagkakamali niya sa paraang makakasakit ng damdamin niya. Magiging dahilan ito para matisod siya. Kapag kinakailangan ninyong magpayo, gawin ninyo ito nang may pag-ibig, isipin ninyo ang pananaw at damdamin ng kaluluwang ito. Ito lang ang magiging daan ng pagbabago niya.

#### Pang-apat, bukas ang kalooban sa lahat ng tao ng mga taong mahabagin.

Sa Lucas 6:32, sinasabi, "Kung kayo'y umiibig sa mga umiibig sa inyo, ano ang mapapala ninyo? Ang mga makasalanan man ay umiibig sa mga umiibig sa kanila." Ibinibigay ng bukas sa kalooban ng karamihan kung anuman ang mayroon sila sa mga taong minamahal nila. Magbubunga tayo ng habag kapag nagbibigay tayo mula sa puso at hindi umaasa na mayroong kapalit.

Minahal din ni Jesus ng walang hanggan kahit ang katulad ni Judas Iscariote. Paulit-ulit Niyang binigyan ito ng pagkakataon para magsisi. Kahit noong ipinapako Siya sa krus, idinalangin Niya ang mga taong nagpapako sa Kanya. Ito ang habag na nagpapatawad sa atin, mapapatawad din natin ang mga taong hindi pwedeng patawarin.

Dapat ninyong tanggapin at mahalin ang ibang tao kahit ang ugali at mga opinyon nila ay hindi katulad ng sa inyo. Isipin muna natin ang pinagmumulan ng pananaw nila. Pagkatapos, pwede na nating iangkop ang opinyon natin. Kung iisipin lang ninyo, "Bakit ba niya ginagawa iyon? Hindi ko siya maintindihan," sasama lang ang loob ninyo, at kapag nagkita kayo, hindi na kayo kumportable.

Isipin na lang ninyo, "Ginagawa niya ito dahil sa mga bagay na nangyayari sa kanya.' Pwede na ninyong tanggalin ang sama ng loob ninyo sa kanya. Para mapalitan ng kabutihan ang mga saloobin at damdamin, dapat ninyong isa-isang tanggalin ang galit at masasamang damdamin. Matatanggap at maglilingkod na kayo sa kahit na anong klaseng tao.

#### Panglima, naiibigay ng mga taong nagbunga ng kagandahang-loob ang papuri sa ibang tao.

Kapag may ginagawang mabuti, ibinibigay ng mga taong may magandang kalooban ang papuri sa ibang tao, at kapag mayroong pagkakamali, inaako nila. Kapag magkatulong kayong gumawa isang bagay, at mas maayos ang paggawa ninyo, pero mas napupuri ang kasama ninyo, nasisiyahan pa rin kayo, parang kayo na rin ang pinupuri. Hindi sasama ang loob ninyo kahit maraming pagkukulang ang mga kasamahan ninyo at mas marami kayong ginawa kaysa sa kanila.

Iisipin na lang ninyo na makakatulong sa kanya para magkaroon siya ng lakas ng loob at mas maging masipag ang papuri mula sa ibang tao. Mas mauunawaan ninyo siya kung iisipin ninyo ang isang ina na nagsasakripisyo para sa mga anak niya.

Hindi nagrereklamo ang ina kung marami siyang ginagawa para sa anak niya, pero ang anak ang tumatanggap ng gantimpala. Kung may bunga tayo ng kagandahang-loob, pwede nating unahin at purihin ang ibang tao.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, isa sa mga katangian ng Diyos Ama ang magandang kalooban, puno Siya ng habag at pag-ibig. At hindi lang magandang kalooban kundi lahat ng bunga ng Banal na Espiritu, ito ang perpektong kalooban ng Diyos.

Umaasa ako na magkakaroon kayong lahat ng bunga ng Banal na Espiritu. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na umapaw nawa ang pagpapala sa inyo at maranasan ninyo ang kaluwalhatian na nagniningning tulad ng araw sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Naibahagi sa Japan ang Mainit na Pag-ibig ng Diyos



Patuloy na ibinabahagi ng Manmin Central Church ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at tungkol kay Jesu-Cristo. Nagsisikap sila na madala patungo sa kaligtasan ang lahat ng tao mula sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng humigit-kumulang mga 10,000 sangay at katuwang na iglesya. Basahin natin ang balita mula kay Pastor Seungkil Ryu, Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ sa Japan. Mababasa natin dito ang tungkol sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na ipinakita sa Iida Manmin Church, na siyang pundasyon ng pagmimisyon sa Japan.




▲ Ministeryo sa Japan: Inihahatid ng mga sangay at katuwang na iglesya sa Japan ang hindi mabilang na kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan sa pagbabahagi nila ng ebanghelyo ng kabanalan at pagpapakita ng kapangyarihan

### Noong taong 1994, itinatag ang pinakaunang sangay na iglesya sa Japan

Isang ordinaryong tao ako na nagtrabaho para sa isang kumpanya. Isang araw, habang naghahanda ako para magbakasyon, may narinig akong tinig na sinasabing, "Umakyat ka sa bahay panalanginan sa itaas ng bundok, Biblia lang ang dalhin mo." Sumunod ako, nag-ayuno, pinagsisihan ko ang hindi maayos na buhay ko bilang Cristiano.

Noong taong 1988, pumasok ako sa isang seminaryo na nagtuturo ng teolohiya. Dinala ako ng kaibigan ko sa seminaryo sa Manmin Central Church. May magdamag na pagsamba noon, araw ng Biyernes, puspos ito ng Banal na Espiritu. Pinalakas ng pagtuturo ni Dr. Jaerock Lee tungkol sa buhay ni Job ang espiritu ko. Noong Hulyo 1988, nagrehistro ako sa iglesya at pagkatapos ng dalawang taon, naging pastor ako.

Noong taong 1992, nagdaos ang iglesya ng krusada kung saan nagtulungan ang Korea at Japan. Ang mga pastor na nakarinig ng ebanghelyo ng kabanalan ay humiling sa Manmin na magtalaga ng misyonero sa bansa nila. Kaya noong Enero 1994, ipinadala ako para maglingkod sa Japan, nagbukas ako ng iglesya sa Iida, Nagano Prefecture. Sinimulan ko ang pangangaral ng ebanghelyo.

### Ang mga krusada sa Iida, Shinshu, at Nagoya ang nagsimula ng ministeryo sa Japan

Noong taong 1994 inanyayahan si Dr. Lee sa krusada ng pagkakaisa sa Iida at noong taong 1996 naman ay sa Shinshu. Naibahagi sa buong Japan ang ebanghelyo ng kabanalan dahil sa mga krusadang ito. Sa mga krusadang idinaos, may mga bulag na nakakita, mga binging nakarinig, mga balikong binti o brasong naituwid at may mga nakapaglakad at nakatalon. Nasaksihan ng mga tao ang kamangha-manghang pagkilos ng Diyos.

Sa krusadang may pagpapagaling sa Nagoya noong taong 2000, pito sa labintatlong bingi na dumalo ang nakarinig at nakapagsalita. Nagpabilis pa ng pagsulong ng ministeryo sa Japan ang hindi mabilang na mga pagpapatunay na totoong mayroong buhay na Diyos.

Namangha ang mga pastor na Hapon, tumatanggap sila ng pagpapala sa ipinapakitang kapangyarihan ng Diyos. Nakakatulong hanggang ngayon ang mga krusada sa paglago ng mga iglesya sa Japan.

### Nagbukas ng bagong yugto sa ministeryo ang panalanging may panyo

May panahong nadama ko ang limitasyon ng espiritu ko, natigil ang paglago ng iglesya. Idinalangin ko ito. Noong Agosto 2004, bumiyahe si Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor ng Manmin, papuntang Japan para idaos ang krusadang may panyo. Bagong pangitain ito para sa ministeryo sa Japan. Nakita namin ang napakaraming mananampalatayang gumaling mula sa kanilang mga karamdaman dahil sa panyong dinalanginan ni Dr. Lee.

Noong Disyembre 2004, sinabi sa akin ni Dr. Lee na gamitin kong mabuti at may pananampalataya ang panyo. Hindi nagtagal, nagdaos ako ng pinakaunang krusada sa Iida Manmin Church gamit ang panyo. Gumaling ang mga karamdaman ng mga miyembrong matagal nang hindi gumagaling tulad ng sakit sa likod, nocturnal enuresis (naiihi habang natutulog), at iba pang mga karamdaman. Lumakas ang espiritu ko.

Mula noong taong 2005, nagdadaos na ako bawat buwan ng krusadang may panyong nakakapagpagaling. Nagsisi ng lubos ang mga miyembro ng iglesya, tumanggap sila ng kasagutan sa mga problemang pisikal at espirituwal, kasama na dito ang paggaling ng kanilang mga karamdaman. Natutuhan ng mga bagong miyembro ang tungkol sa espirituwal na kaharian at tumanggap sila ng pagpapala ng kaligtasan. Nagkaroon ng tunay na pananampalataya ang mga may maliit na pananampalataya, naniniwala at umaasa na sila sa walang hanggang buhay sa Langit. Tumanggap din ng pagpapala ang mga lider para maging mas maalab ang pagtakbo sa takbuhin.

Lubos na kinakailangan ang krusadang may panyo para sa paglago ng espiritu ng mga miyembro at sa muling pagsigla ng iglesya.

### Naranasan ng mga mamamayan ng Japan ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos

Ang pananalangin ni Dr. Lee sa pagsamba, panyong makapangyarihan, at panalangin para sa mga maysakit na naka-record sa Automated Response System ay nakatulong ng malaki sa ministeryo sa Japan.

Gumaling ang nilalamig na mga kamay at paa ni Diakonesa Kaneda Shizuko, ang hika at eksema ni Diakonesa Kitahara Akiko, at ang naninigas na balikat ni Diakonesa Hara Chie. Kahit nanganib malaglag si Matsushima Daiki habang ipinagbubuntis siya ng nanay niya, naipanganak siya sa tulong ng panalangin ni Dr. Lee na naka-record sa ARS. Gumaling din ang sakit niya sa balat dahil sa panalangin ni Dr. Lee na naka-brodkast sa GCN.

Gumaling ang frostbite at katarata sa mga mata ni Shimodaira Miyako. Napakaraming patotoo ang narinig, hindi sapat ang espasyong ito para isulat silang lahat.

### Binago ako ng katapatan at sakripisyo ng pastol

Sinasabayan ng Iida Manmin Church ang bawat pagsamba at pulong-panalanging Daniel ng Manmin Central Church sa pamamagitan ng pagbobrodkast ng GCN. Nagdadaos kami ng mga seminar para sa mga pastor at ministeryo na may kinalaman sa IT. Nagbabahagi kami ng ebanghelyo sa mga mamamayan dito na wala pang kaalaman tungkol sa pagiging Cristiano kasabay ng boluntaryo naming pagtulong sa komunidad.

Akala ko, marami na akong ginawa para sa ministeryo sa Japan. Hindi ko napapansin, makasarili pala ang motibo ko. Pero habang pinapanood ko ang pastol na nagsasakripisyo ng lahat ng bagay at hindi umaasa sa kapalit, natanto at iwinaksi ko ang kayabangan at pagkamakasarili ko. Natanto ko na ang lahat ng bagay ay naging posible dahil sa pagpapala ng pastol, hindi dahil sa ginawa ko. Dahil nagbago ang saloobin ko, nagkaroon ng pagkakataon ang espiritu ko para lumago.

Habang iwinawaksi ko ang makasariling motibo at kayabangan, nagsimulang magkaisa ang mga pastor dito sa Japan. Umaasa ako na kami ay magsisilbing saligan para sa parokyang pandaigdigan ng Manmin. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagtiis at naghintay sa pagbabago ko.




▲ Gitna: Iida Manmin Church, mula sa kaliwa, mga nagpatotoo sa krusadang may pagpapagaling sa Nagoya; pabilog na bahaghari sa kalangitan ng Iida Manmin Church; Krusada ng Pagkakaisa sa Shinshu; pagsamba para sa anibersaryo ng Iida Manmin Church; pagsamba sa pamamagitan ng GCN; mga estudyante ng iglesya, nagtatanghal sa idinaos na pagsamba sa labas ng gusali ng iglesya

# "Binago ng Ebanghelyo ng Kabanalan ang Pamilya Ko, Masayang-masaya na Kami Ngayon"



▲ Si Punong Diakonesa Eunsuk Kim, kasama ang pamilya niya (kaliwa, Elder Gilbert Chae, Kapatid na Hayeong; kanan, Kapatid na Jungsu)

Punong Diakonesa Eunsuk Kim, 49 taong gulang, Parokya 4, South Korea

Ngayon ang pinakamasayang buhay ko bilang isang doktor. Taos-puso ang pagmamahal ko sa mga pasyente ko. Nagpapasalamat ako dahil natutulungan ko sila kaya mahalaga sa akin ang bawat sandali. Kapag hindi gumagaling o lumalala ang kalagayan ng isang pasyente sa pag-inom niya ng medisina, nananalangin ako. Pagkatapos, bumubuti na ang kalagayan nila. Nagpapasalamat ako.

Kahit nagmula ako sa isang Cristianong pamilya, Linggo lang ako pumupunta sa simbahan. Noong taong 1994, nagpakasal ako, nagbago ang buhay ko bilang Cristiano.

Ang naging asawa ko ay si Elder Gilbert Chae, Presidente ng WCDN (World Christian Doctors Network, samahan ng mga Cristianong doktor). Binasa niya ang librong tungkol sa patotoo ni Dr. Jaerock Lee na *Paglasap Ng Buhay Na Walang Hanggan Bago Ang Kamatayan* bago kami ikasal. Malaking pagpapala ang tinanggap niya, malaking oras ang ginugugol niya sa pakikinig ng mga sermon ni Dr. Lee. Salamat sa kanya, sinusunod ko na ang araw ng Sabbath at nagbibigay na ako ng tamang ikapu kaya naging tunay ang pagiging Cristiano ko.

Noong Marso 2002, nabigyan ng posisyon ang asawa ko sa Seoul kaya lumipat kami doon. Nagsimula kaming dumalo sa Manmin Central Church. Tuwing nakikinig kami ng ebanghelyo ng kabanalan at nakakakita ng mga makapangyarihang pagkilos, natutuwa kami dahil lumalago ang pananampalataya namin sa iglesyang napakabuti.

Samantala, nagsimula akong hindi mapalagay sa asawa ko, hindi ko alam kung kailan nagsimula ito. Mabait siya sa mga nurse at pasyente, nagselos ako nang wala namang dahilan. Sinabi ko sa kanya na hindi ako mapalagay na nakikita kong mabait siya sa ibang tao pero ni hindi siya tumutulong sa gawaing bahay. Inaway ko siya, sinabi kong hindi niya ginagawa ang mga bagay na gusto ko.

Pero noong taong 2011, nagsimula ang pagdaloy ng espiritu sa iglesya. Nangaral si Dr. Jaerock Lee tungkol sa pamantayan ng antas na 'nakatuntong sa bato ng pananampalataya' at iginiit ang niya ang pagiging espirituwal. Nagdesisyon kaming mag-asawa na magbago, nanalangin kami.

Hindi nagtagal, noong taong 2004, naging espirituwal ang asawa ko, nagbago ng lubos ang mga sinasabi at ginagawa niya. Tumutulong na siya sa mga gawaing bahay. Naghuhugas siya ng pinggan, nagsasaing, at nagsisilbi ng kape at mga prutas pagkatapos kumain. Nauuna siya dati kapag lumalakad kami pero ngayon sumasabay na siya sa paglalakad ko. Binibitbit niya ang bag ko at kung minsan, minamasahe pa niya ako. Buong puso ang paglilingkod niya sa akin.

Ipinapatong niya ang kamay niya sa ulo ng mga anak namin kapag idinadalangin niya ang mga ito tuwing umaga. Parang isang mabait na kaibigan siya ng anak naming lalaki. Napakasaya ng pamilya namin. Dahil sa pagbabago niya, mas hinangad kong magpakabanal.

Sinimulan kong maglingkod sa ibang tao, pinalalakas ko ang sarili sa Salita, at maalab akong nanalangin. Sinikap kong palawakin ang puso ko. Sinikap kong magalak palagi, manalangin ng walang patid, at magpasalamat sa mga pagpapala ng Panginoon. Samantala, noong taong 2015, sa pagpapala ng Diyos, naging espirituwal na din ako. Hallelujah!

Naglilingkod bilang mga lider ng pagmimisyon ang mga anak ko, at ang asawa ko ay presidente ng World Christian Doctors Network, pinapatunayan ng grupong ito ang kapangyarihan ng Diyos batay sa impormasyong may kinalaman sa medisina at siyensya. Pangkalahatang Tagapamahala ako ng Shalom Choir at Direktor ng mga bagay na may kinalaman sa mga usaping pinansyal ng Second Chinese Parish. Lubos ang pasasalamat namin. Pinapasalamatan at niluluwalhati namin ang Diyos na bumago sa pamilya ko.

# "Mamamatay Ako Dahil sa AIDS!"



Kapatid na Bampa Sela Omer, 65 taong gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo

Isang araw, nilagnat at inubo ako. Noong Mayo 2011, nagkasugat-sugat ang katawan ko, dumudugo pa ang mga sugat, may mga batik pa na lumabas. Nakakapagtaka ang pangyayaring ito kaya pumunta ako sa ospital para magpasuri. May ipinainom sa akin na mga gamot.

Sinabi ng doktor na malalaman ang sakit ko depende sa epekto ng gamot sa katawan ko. Pinabalik niya ako pagkatapos ng isang linggo. Nang inumin ko ang gamot, sumuka ako, nanamlay at inantok. Pagbalik ko sa ospital, pinainom niya ako ng iba pang gamot at sinabing bumalik ako pagkatapos ng dalawang buwan.

Nanghina ako, hindi makapaglakad o makakain ng maayos. Pagkalipas ng dalawang buwan, pumunta ang anak kong lalaki sa ospital, nalaman niya na may AIDS ako at malapit na akong mamatay.

Nagdusa ako dahil wala akong magawa kundi maghintay sa kamatayan, wala na akong maisip na iba pang solusyon. Dahil umaasa ako, hiniling ko sa mga pastor sa komunidad namin na idalangin ako, pero ni hindi nagbago ang kondisyon ko.

Habang nagdurusa ako at nawalan na ng pag-asa, binigyan ako ng tiya ko, na dumadalo sa Kinshasa Manmin Church, ng mga libro ni Dr. Jaerock Lee na *Paglasap Ng Buhay Na Walang Hanggan Bago Ang Kamatayan*, *Ang Mensahe ng Krus*, at *The Measure of Faith*. Nagkaroon ng liwanag at pag-asa ang puso ko habang binabasa ko ang mga libro.

Noong Oktubre 2014, nagsimula akong dumalo sa Kinshasa Manmin Church. Narinig ko mula kay Pastor Jacob Lee ang tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita sa pamamagitan ni Dr. Lee. Natiyak ko na gagaling ako kapag sa Diyos ako aasa.

Magmula noon, itinigil ko ang pag-inom ng gamot, dinaluhan ko ang bawat pagsamba at pulong-panalanging Daniel. Lumakas ako doon, may naramdaman akong kakaiba sa katawan ko. Para lubos na gumaling, pinanood ko ang naka-record na retreat sa tag-init ng Manmin sa taong 2015 sa GCN, at tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit.

Pinaso ng apoy ng Banal na Espiritu ang katawan ko. Nang sandaling iyon, nawala ang matinding pananakit ng mga binti ko, gumaan ang pakiramdam ko. Hindi na ako nahihilo at hindi na ako nahihirapan sa pagkilos. Pagkatapos nawala na ang mga batik at sugat. Malaki ang pagbuti ng katawan ko at bumalik ang kalusugan ko. Hallelujah!

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos, binuhay Niya akong muli.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City, Cebu,
Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714